Namamalagi ka sa Belhika o “Belgium”, hindi ka pa Belga o “Belgian”, at ikaw ay nahaharap sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Ang iyong kalagayan ay taliwas sa naipangako sa iyo
- Pinipilit kang gawin ang mga bagay ng labag sa iyong kalooban
- Ang iyong sahod ay lubhang mas mababa kaysa sa inialok sa iyo o di kaya’y hindi ka binayaran o napakaliit ng bayad para sa ginawa mong trabaho
- Inuubliga ka ng ahensyang nagdala sa iyo sa Belhika o “Belgium” na magtrabaho upang mabayaran ang mga nagastos sa iyo
- Ikaw o ang iyong pamilya ay binabantaan o di kaya’y nakakaranas ng pagmamalupit
- Ang iyong mga dokumento ay kinumpiska at hindi na ibinalik
- Kadalasan, ikaw ay nakakulong at hinihiwalay sa iba
- Nakarating ka ng Belhika o ”Belgium” pagkatapos ng mahabang paglalakbay kung saan ikaw ay nagbayad ng napakalaking halaga at nakaranas ka ng pagmamalupit o ang iyong buhay ay nailagay sa panganib.

Kung iyong nanaisin, maaari kang makipag-alam sa isang tanggapang tumutulong sa mga biktima ng labag sa batas na pangangalakal ng tao.

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan upang magkaroon ng karagdagang kaalaman ukol sa mga tulong na maaaring maipagkaloob at ang mga karampatang alituntuning sinusunod para sa mga biktima ng labag sa batas na pangangalakal ng tao :

PAG-ASA : ☎ 02/511.64.64 – Bruxelles-Brussel – info@pag-asa.be
PAYOKE : ☎ 03/201.16.90 – Antwerpen-Anvers – admin@payoke.be
SÜRYA : ☎ 04/232.40.30 – Liège-Luik – info@asblsurya.be

Ano ang maitutulong ng mga tanggapang ito ?

Ang mga tanggapang ito ay maaaring magmungkahi ng:

- isang tiyak na matutuluyan
- isang pakikinig at tulong sa iba’t-ibang antas (medikal, sosyal, sikolohikal, legal)

Maaari rin nilang ipaliwanag ang mga batayan upang makapamalagi ka ng legal sa Belhika o “Belgium”. Isa sa mga batayang ito ay ang pagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa pulisya ukol sa mga taong nanamantala sa iyo.

Para sa huling nabanggit, kung iyong nanaisi’y pagkakalooban ka ng panahong makapag-isip ng tanggapang iyong napili.

Ang paglilingkod na ito ay laging bukas 24 oras.
Ang pagiging maingat ay ginagarantiyahan.

PAG ASA

Cellebroersstraat, 16,
Rue des Alexiens
1000 Brussel/Bruxelles
☎ 02/511.64.64
02/511.58.68
info@pag-asa.be

payoke

Leguit 4
2000 Antwerpen
☎ 03/201.16.90
03/233.23.24
admin@payoke.be

asbl SÜRYA

Rue Rouveroy, 2
4000 Liège
☎ 04/232.40.30
04/232.40.39
info@asblsurya.be